JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines

Department of Education

Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 6:
## Angkop na Pamagat sa Teksto



Pangalan: ____________________________________

Baitang/Seksyon: ______________________________

Paaralan: ____________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jane J. Maghinay
**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.
Shayne Everette U. Eldian
Philip D. Caermare
**Tagasuri:** Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna
Jane J. Maghinay
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar Jr.
**Tagalapat:** Peter Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Tlaroc, Ed D
Ella Grace M. Tagupa, Ed D
Jephone P. Yorong, Ed D
Lindo O. Adasa Jr.



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

❖ makapagbibigay ng angkop na pamagat sa teksto



# Balikan

**Panuto:** Bilugan ang titik ng salitang kasingkahulugan ng sinalungguhitang salita.

1.<u>Nadiskubre</u> ni Aileen ang talento niya sa pagguhit nang mawalan siya ng trabaho sa panahon ng pandemya.

a. nakuha    b. nalaman    c. naisip    d. naisulat

2. Sa madalas na pagdarasal, <u>payapa</u> ang isip ni Nette sa kabila ng mga problema.

a. tahimik    b. magulo    c. mahina    d. malinis

3. Ang mga <u>batang</u> may edad na 15 at pababa ay hindi maaring lumabas ng bahay.

a. matanda    b. magulang    c. dalaga    d. musmos

4.<u>Masayang</u> sinagot ni Hazel ang mga modyul na kinuha ng nanay niya sa paaralan.

a. malungkot    b. maganda    c. maligaya    d. maayos

5. Malusog ang batang si Nora dahil <u>madalas</u> siyang kumakain ng prutas at gulay.

a. palagi    b. bihira    c. madalang    d. maaga

| Aralin 1 | Angkop na Pamagat sa Teksto |
|---|---|



# Tuklasin

Basahin at isulat ang paksang pangungusap. Ito ay maaring matagpuan sa una, sa gitna o sa hulihan ng pangungusap.

1. **Isa sa mga katangiang maipagmamalaki nating mga Pilipino ay ang mabuting pagtanggap sa mga panauhin**. Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang panauhin, bawat isa ay abala sa paghahanda. Sila'y naglilinis at nag-aayos ng kabahayan. Nagluluto ang pamilya ng masarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin. Pinagkakaabalahan din nila kung ano ang maipauuwing pasalubong ng panauhin.

   Ano ang Paksang pangungusap ng talata? ___________________________

2. **Hindi na mabilang ang mga kababayan nating nanguna sa larangan ng pag-awit, pagpinta at pag-ukit.** Hinahangaan ng mga dayuhan ang mga produkto nating gawang kamay tulad ng binurdahan at nililok. Tunay na ang mga Pilipino ay maliklahain sa iba't ibang larangan.

   Ano ang Paksang pangungusap ng talata? ___________________________

3. **Isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino ay ang kapistahan**. Ang bawat lugar sa ating bansa ay may kapistahang ipinagdiriwang bilang pasasalamat sa kanilang patron.

   Ano ang paksang pangungusap ng talata?___________________________

4. **Nang ipatapon si Jose Rizal ng mga Español sa Dapitan, ipinangako niya sa gobernador-heneral na hindi siya tatakas**. Isang araw, hinikayat siya ni Pio Valenzuela na tumakas ngunit tumanggi si Rizal at sinabing nakapagbitiw na siya ng pangako sa isang pinunong Español na kailanma'y hindi siya tatakas.

   Ano ang paksang pangungusap ng talata? _______________________

---

lrmds.gov.ph, Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat

5. Nang sumiklab ang himagsikan noong 1896, inialok ni Teresa Magbanua ang kaniyang paglilingkod kay Heneral Perfecto Poblador. Tinanggihan siya ng Heneral noong una pagkat ayon sa kaniya, ang pakikihamok sa digmaan ay para sa mga lalaki lamang. "**Ang babae man ay maaaring maging tagapagtanggol ng bayan,"** matatag na wika ni Teresa. Napahinuhod ang heneral na ibilang siya sa hukbong lumaban sa himagsikan.

Ano ang paksang pangungusap ng talata? ______________________

______________________

lmrnds.gov.ph., Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat
Hiyas sa Pagbasa,Lydia P. Lalunio, PhD., Binagong Edisyon 2010, p. 101

Sa araling ito, malalaman mo ang pagbibigay ng **angkop na pamagat** ng talata sa pamamagitan ng **paksang diwa o paksang pangungusap.**



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

Sa pagbibigay ng pamagat ng isang talata, alamin muna ang **paksang diwa o paksang pangungusap**. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng **pamagat**. Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng talata o kuwento. Ito ay maaaring matagpuan sa **una**, sa **gitna**, o sa **hulihan** ng talata.

Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din sa malaking titik.



# Pagyamanin

**Panuto:** Basahin ang bawat talata. Piliin ang titik na may angkop na pamagat ng talata.

1. Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagtutulungan upang lalong tumibay ang

pagsasamahan ng isa't isa. Ano mang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at metatag ang pamilya. Bukod dito biyaya ng Diyos an gating pamilya kaya't patuloy mong ingatan.

A. Ang Pamilyang Pilipino
B. Ang Pamilya
C. Ang Problema sa Pamilya
D. Biyaya ng Diyos ang Pamilya

2. Ang niyog *(cocos nucifera)* ay may karaniwang taas na 6 na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ng puno ang niyog sapagkat ang bawat bahagi nito ay maaari ring sangkap sa paggawa ng sabon, shampoo, at iba pa.

A. Ang Puno
B. Ang Niyog
C. Ang Mga Gamit ng Niyog
D. Ang Sangkap ng Niyog

3. Ang Kawanihan ng Rentas Internas (Bureau of Internal Revenue) ay ang sangay ng pamahalaan na namamahala sa pangongolekta ng buwis ng mga mamamayang may hanapbuhay. Bawat manggagawang Pilipino ay may tungkuling magbayad ng kaukulang buwis. Ang buwis na ibinabayad ang siyang ginagamit na pondo ng pamahalaan sa pagpapaganda at pagpapaunlad ng ating bansa.

A. Ang Kawanihan ng Rentas Internas
B. Ang Pagpapaganda at Pagpapaunland ng Bansa
C. Ang Tungkulin ng Bawat Pilipino
D. Ang Kawani ng Rentas Internas

4. Si Lapulapu ang unang bayaning Pilipino. Nang matuklasan ni Magella ang Pilipinas, gusto niyang kilalanin ng mga katutubo ang hari ng Espanya. Tinutulan ito ni Lapulapu at naganap ang digmaan sa pagitan ng mga Kastila at katutubo kung saan tinalo ni Lapulapu ni Magella na naging sanhi ng pagkasawi nito sa laban.

A. Si Magellan
B. Ang Digmaan
C. Lapulapu, Ang Unang Bayaning Pilipino
D. Ang Hari ng Espanya

5. Si Melchora Aquino ay ipinanganak noong ika-6 ng Enero, 1821. Ang kanang mga magulang ay sina Juan Aquino at Valentina Aquino. Noong kabataan niya ay madalas siyang maimbitahan sa kanilang parokya upang umawit lalung-lalo na sa mga araw ng pabasa. Hinirang rin siyang Reyna Elena ng Santakrusan. Kahit na walumpu't tatlong

---

lrmds.gov.ph., Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat

taon-gulang na si Tandang Sora, ito ay hindi hadlang sa kaniyang paglilingkod ng bayan. Lihim niyang tinulungan ang mga katipunerong may sakit at nagugutom.

A. Ang Mga Katipunero
B. Si Melchora Aquino
C. Ang Paglilingkod sa Bayan
D. Bayaning Pilipino

---

lrmds.gov.ph., Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat



# Gawain

**Panuto:** Basahin ang bawat talata. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**2 puntos bawat bilang**

**1.** Nasa Hongkong noon ang mag-asawang Felipe Agoncillo at Marcel M. Agoncill nang dalawin sila ng kanilang tirahan sa Morison Hill. Pinakausapan si Marcela na gumawa ng bandilang Pilipino. Sa loob ng limang araw, katulong ang anak na si Lorenza at Delfin Herbosa, pamangkin ni R. Jose Rizal, natapos nila ang bandila. **Ang bandilang ito ay unang iwinagayway sa balkonahe ng tahanan ni Emilio Aguinaldo noong Hunyo 12, 1898.**
Ano ang Paksang diwa ng pangungusap? A.____________________________
Ano ang angkop na pamagat ng talata? B.___________________________

2. Si Jose Fortich Ozamiz ay ipinanganak noong May 5, 1898 sa Aloran, Misamis, Occidental. Nahirang siyang unang gobernador sa lalawigan ng Misamis Occidental. Noong 1931, siya ang kauna-unahang nahalal na kinatawan ng Misamis Occidental. Nahalal din siyang kinatawan ng Pambansang Asembleya noong 1936, at noong 1940. **Siya rin ang kauna-unahang taga-Misamis Occidental na nahalal na senador.**
Ano ang Paksang diwa ng pangungusap? A____________________________
Ano ang angkop na pamagat ng talata? B.________________________.

3. **Hinirang ng *Philippine Sportswriters Association (PSA)* sina Gerry Peñalosa at Pia Adelle Reyes bilang manlalaro ng taon**. Si Peñalosa ang kampeon sa *superflyweigh*t division ng *World Boxing Council* at si Pia Adelle Reyes naman ang nag-iisang Pilipino nanakakuha ng tatlong gintong medalya saa 1997 *Southeast Asian Games* sa Jakarta, Indonesia. Ang tropeo ay iginawad kina Peñalosa at

---

lrmds.gov.ph, Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat

Reyes ni Pangulong Fidel Ramos. Sina Peñalosa at reyes ay parehong nagkamit ng 21boto mula sa mga miyembro ng PSA.
Ano ang Paksang diwa ng pangungusap? A.______________________.
Ang angkop na pamagat ng talata? B.________________________.

4. **Isa pang kilalang tradisyon natin ay ang bayanihan**. Ang bayanihan ay ang pagtutulungan ng mga tao para sa isang gawain. May mga kababayan pa rin tayong sumusunod sa ganitong tradisyon lalo nasa mga lalawigan.
Ano ang Paksang diwa ng pangungusap?A._______________
Ano ang angkop na pamagat ng talata? B.________________

5. **Isa sa mga naging mahalagang personalidad sa People Power ay si Hilario G. Davide, Jr**. Siya ang punong-hukom ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas. Siya rin ang nagtalaga kay dating Pangalawang Pangulo Gloria Macapagal-Arroyo bilang bagong pangulo ng bansa. Nakamit rin niya ang Ramon Magsaysay Award para sa paglilingkod sa pamahalaan noong 2002, dahil sa kanyang mahusay na serbisyo.
Ano ang Paksang diwa ng pangungusap? A._____________________.
Ano ang angkop na pamagat ng talata? B._____________________.

lrmds.gov.ph, Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan kong sa pagbibigay ng pamagat ng isang talata, aalamin ko muna ang paksang ____________ o paksang ______________.

Nalaman ko ring ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng ___________.

Ang ______________________ ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang _____________________ ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng talata o kuwento.



Ginagamit ang ______________ titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din sa malaking titik.



# Tayahin

**I. Panuto:** Piliin ang titik na may angkop na pamagat ng talata.

**(2 puntos bawat bilang)**

1. Napakahalaga ng bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong upang lalong luminaw ang ating mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo ng paningin. Ang mga pagkain na mayaman sa bitamina A ay atay ng manok (manok o baka) itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na gulay at prutas.
   A. Bitamina A
   B. Kakulangan sa Bitamina A
   C. Mga Pagkain na Mayaman sa Bitamina
   D. Ang Atay ng Manok

2. Ang kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia ay ginanap sa Naga City sa Bicol tuwing ikatlong Sabado ng buwan ng Setyembre. Pero ngayon ginanap na rin ito sa buwan ng Mayo para sa mga hindi nakakadalo sa Setyembre. Bago ang mismong arw ng kapistahan, may siyam na araw na novena sa Birhen. Sa ikasiyam na araw, ibinabalik sa dambana ang imahen at idinadaan ito sa ilog Naga sa paraang prusisyon ng mga bangka.
   A. Pista sa Nayon
   B. Ang Kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia
   C. Prusisyon ng mga Bangka
   D. Ang Novena sa Birhen

3. Ipinagmamalaki naman sa bahagi ng Rehiyon IV ang Puerto Galera na matatagpuan sa Oriental Mindoro. May 130 kilometro ang layo nila mula sa bahaging Timog ng Maynila. Dinarayo ng mga turista ang mga mapuputing buhangin sa mga beaches nito. Gayundin, napakaganda ng mga corals at iba pang laman-dagat na makikita sa kailaliman ng mga katubigan.
   A. Puerto Galera
   B. Mga Laman-Dagat
   C. Ang Rehiyon IV
   D. Ang mga Mapuputing Buhangin

---

lrmds.gov.ph, Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat

4. Si Pablo Planas ay isang dating tsuper at mekaniko. Siya ang nakaimbento ng Khaos Super Turbo Charger (KSTC) na isang tipid-gas na gamit para sa mga de-gasolinang sasakyan. Hindi siya nasilaw sa multi-milyong pisong alok ng bansang Amerika para lamang ibenta ang kanyang imbensyon. Ito ang nagpapatunay ng kanyang hangaring makatulong sa ating bayan.
   A. Ang Mga Imbensyon
   B. Ang Khaos Super Turbo Charger (KSTC)
   C. Pablo Planas, Isang Imbentor
   D. Ang Pagtulong sa Bayan



5. Nasa Hongkong noon ang mag-asawang Felipe Agoncillo at Marcela M. Agoncillo nang dalawin sila sa kanilang tirahan sa Morison Hill. Pinakiusapan si Marcela na gumawa ng bandilang Pilipino. Sa loob ng limang araw, katulong ang anak na si Lorenza at Delfina Herbosa, pamangkin ni Dr. Jose Rizal, natapos nila ang bandila. Ang bandilang ito ay unang iwinagayway sa balkonahe ng tahanan ni Emilio Aguinaldo noong Hunyo 12, 1898.
   A. Ang mag-asawang Felipe Agoncillo at Marcella Agoncillo
   B. Ang Unang Bandilang Pilipino
   C. Hunyo 12, 1898
   D. Ang Tahanan ni Emilio Aguinaldo

---

lrmds.gov.ph, Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking Titik sa Pamagat
Hiyas sa Pagbasa,Lydia P. Lalunio, PhD., Binagong Edisyon 2010, p. 101

# Karagdagang Gawain

Gumupit ng 3 talata mula sa dyaryo o magasin at idikit ito sa bondpaper. Isulat ang pamagat ng talata. Angkop ba ang pamagat? Bakit?

**(5 puntos)**



# Susi sa Pagwawasto

Balikan

1. B
2. A
3. D
4. C
5. A

Tuklasin

1.) Isa sa katangiang maipagmamalaki nating mga Pilipio ay ang mabuting pagtanggap sa mga panauhin.
2.) Hindi na mabilang ang mga kababayan nating nanguna sap ag-awit, pagpinta, at pag-ukit.
3.) Isa sa tradisyon nating mga Pilipino ay ang kapistahan.
4.) Nang ipatapon si Jose Rizal ng mga Español sa Dapitan ipinangako niya sa gobernador-heneral na hindi siya tatakas.
5.)Ang babae man ay maaaring maging tagapagtanggol ng bayan.

Pagyamanin

| | |
|---|---|
| 1. A | 3. A |
| 2. B | 4. C |
| 3. A | 5. B |

Gawain

1.)A. Ang bandilang ito ay unang iwinagayway sa balkonahe ni Emilio Aguinaldo noong HUnyo 12, 1898.
B. Ang Unang Bandila ng Pilipinas
2.) A. Siya rin ang kauna-unahang taga-Misamis Occidental na nahalal na Senador.
B. Jose Fortich Ozamiz, Kauna-unahang taga Misamis Occidental na Nahalal na Senador,
3.) A.Hinirang ng Philippine Sportswriters Association(PSA)sina Gerry Peñalosa at Pia Adelle Reyes bilang manlalaro ng taon.
B. Gerry Peñalosa at Pia adelle reyes Hinirang ng PSA bilang Manlalaro ng Taon
4. A. Isa pang kilalang trdisyon natin ay ang bayanihan.
B. Bayanihan
5.A. Isa sa mga naging mahalagang personalidad sa People Power ay si Hilario Davide, Jr.
B. Hilario Davide, Jr.

Tayahin

1. A
2. B
3. A
4. C
5. B

# Sanggunian:


lrmds.gov.ph, Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malaking TItik sa Pamagat

Lydia P. Lalunod, Ph.D., Francisca G. Ril, Patrocinio V. Villafuerte (2010). *Hiyas sa Pagbasa 5.* Quezon City: SD Publications, Inc., p. 101

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.